OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga Alituntunin ng mga Artists at the Center (Mga Alagad ng Sining sa Sentro) 2026-2027

## Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa Gawad

Ang Artists at the Center ay isang maraming taong pagtutulungan ng Office of Arts & Culture (Opisina ng mga Sining at Kultura) ng Seattle at ng Seattle Center, kasama ang suporta mula sa Uptown Arts & Culture Coalition (Koalisyon ng mga Sining at Kultura sa Uptown) at ng mga komunidad na nakapaligid sa kampus ng Seattle Center. Naging posible ang programang ito sa pamamagitan ng isang 10-taong gawad ng benepisyong pangkomunidad mula sa Climate Pledge Arena at Seattle Kraken, simula noong 2021.

Pinopondohan ng Artists at the Center ang mga indibidwal na alagad ng sining, mga kolektibong pangsining, mga grupo ng komunidad, at mga organisasyon upang bumuo at magtanghal ng mga pop-up sa buong taon sa Seattle Center. Maaaring kabilang sa mga pansining na uri ang musika, sayaw, teatro, mga demonstrasyon, at mga gawaing may iba't-ibang disiplina. Itatakda ang mga pop-ups sa pagitan ng Oktubre 2026 at Setyembre 2027. Ang nagawarang mga kalahok ay makatatanggap ng $2,000, $4,000, o $6,000 na pagpopondo batay sa alagad ng sining/ laki ng grupo at pagiging komplikado ng sakop. Ang mga ginawaran mula sa kasalukuyang kapanahunan (2025-2026) ay hindi kwalipikadong mag-aplay sa sumusunod na kapanahunang 2026-2027.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging kwalipikado o teknikal na suporta online, mangyaring makipag-ugnayan kay Zach Frimmel, Project Manager ng Artists at the Center, sa 206-963-9226 o Zach.Frimmel@seattle.gov.

**Mayroon kaming mga tagasalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng bidyo).** Tumawag lamang sa amin at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang sandaling paghihintay habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

## Aplikasyon

Mag-alay online sa pamamagitan ng website ng gawad ng Lungsod ng Seattle.

Kung wala kayong computer o access sa internet, makipag-ugnayan sa Tagapamahala ng Proyekto sa lalong madaling panahon. Kailangan nila ng hindi kukulang sa dalawang (2) linggo bago ang takdang petsa ng aplikasyon para makapagbigay ng mga akomodasyon.

## Takdang Petsa

**Martes, Abril 21, 2026, 5 p.m. (Pasipiko)**

Mangyaring magbigay ng sapat na panahon para makompleto at maisumite ang inyong aplikasyon. Hindi tatanggapin ang mga aplikasyon na isinumite matapos ang takdang oras na 5 p.m. (Pasipiko).

## Pagiging kwalipikado

Kayo ay kwalipikadong mag-aplay para sa gawad na ito kung natutugunan ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Kayo ay indibidwal, organisasyon, o pangkat ng komunidad na regular na nagtatanghal ng mga pangsining at pangkulturang mga aktibidad sa Seattle.
    - Hihilingin sa inyo sa aplikasyon na magbahagi ng mga detalye tungkol sa inyong mga kamakailang aktibidad sa Seattle.
- Kayo ay naninirahan sa King County o sa unincorporated King County sa estado ng Washington.
    - Ang mga organisasyon at mga indibidwal na alagad ng sining na kumakatawan sa mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-aplay.
- Mayroon kayong numero ng Federal Tax ID (Social Security Number, ITIN, o Employee Identification Number).
    - Ang mga pangkat na nag-aaplay ay hindi kinakailangang maging isang 501(c)(3) na nonprofit, at hindi rin sila kinakailangang gumamit ng piskal na isponsor o piskal na ahente.
- Maaari lamang kayong magsumite ng isang aplikasyon bawat siklo sa programang ito.
- Hindi maaaring magsumite ang ilang aplikante ng magkakahiwalay na aplikasyon para sa parehong pop-up.
- Ang mga ginawaran mula sa kasalukuyang kapanahunan (2025-2026) ay *hindi kwalipikadong* mag-aplay para sa kapanahunang 2026-2027.

## Pagpopondo

Maaari kayong mag-aplay para mga sumusunod na antas ng pagpopondo:

- $2,000 na gawad (karaniwang 1-2 magtatanghal), kasama ang $780 na in-kind na suporta sa produksyon mula sa Seattle Center
- $4,000 na gawad (karaniwang 3-5 magtatanghal), kasama ang $1,420 na in-kind na suporta sa produksyon mula sa Seattle Center
- $6,000 na gawad (karaniwang 6+ magtatanghal), kasama ang $1,865 na in-kind na suporta sa produksyon mula sa Seattle Center

## Mga Sesyon ng Impormasyon

Matuto ng higit pa tungkol sa programa at kung paano isumite ang inyong pinakamahusay na aplikasyon.

### Sesyon ng Impormasyon 1 (Birtwal)

Hwebes, Marso 19, 5-6:30 p.m. (Pasipiko)
Birtwal: Microsoft Teams
RSVP para sa Marso 19

### Sesyon ng Impormasyon 2 (Birtwal)

Sabado, Abril 11, 10-11:30 a.m. (Pasipiko)
Birtwal: Microsoft Teams
RSVP para sa Abril 11